

## **Pagsasapinal ng HHS sa panuntunang nagsusulong sa pagiging patas ng access sa kalusugan sa ilalim ng Affordable Care Act**

*Ipinagbabawal ng huling panuntunan ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan; pinapahusay nito ang tulong sa wika para sa mga indibidwal na hindi bihasa sa wikang Ingles; at pinoprotektahan ang mga indibidwal na may mga kapansanan.*

Ngayong araw, nagpatupad ang Department of Health and Human Services (HHS, Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao) ng huling panuntunan sa pagsusulong ng pagiging patas ng access sa kalusugan at paglaban sa diskriminasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Sa naturang panuntunan, poprotektahan ang mga indibidwal laban sa diskriminasyon sa pangangalagang pangkalusugan batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, edad, kapansanan at kasarian, kasama ang diskriminasyon batay sa pagbubuntis, sekswal na pagkakakilanlan at mga stereotype ng isang kasarian. Bukod sa pagpapatupad sa pagbabawal ng Seksyon 1557 sa sekswal na diskriminasyon, pinapahusay din ng huling panuntunan ang tulong sa wika para sa mga taong hindi bihasa sa wikang Ingles, at tumutulong ito sa pagtiyak na may epektibong komunikasyon para sa mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang mga proteksyon sa huling panuntunan at Seksyon 1557 kaugnay ng mga karapatan ng mga indibidwal at mga responsibilidad ng maraming insurer ng kalusugan, ospital at pangangalagang pangkalusugan na ipinapatupad ng, o tumatanggap ng mga pondo ng pederal mula sa HHS ay ibinatay sa mga kasalukuyang batas sa mga karapatang sibil ng pederal na nagsusulong ng mga proteksyon para sa mga nakakatanggap ng kulang na serbisyo, kulang ang insurance at nakabukod na populasyon.

Ipinapatupad ng huling panuntunan na *Nondiscrimination in Health Programs and Activities* (Kawalan ng Diskriminasyon sa Mga Programa at Aktibidad na Pangkalusugan) ang Seksyon 1557 ng Affordable Care Act (Batas sa Abot-kayang Pangangalaga), ang unang batas sa mga karapatang sibil ng pederal na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa kasarian sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinopondohan ng pederal. Dati, tanging ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kapansanan o edad lang ang ipinagbabawal ng mga ipinatupad na batas sa karapatang sibil ng Office for Civil Rights (OCR, Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil) ng HHS.

Ayon sa Sekretarya ng HHS na si Sylvia M. Burwell, "Pangunahing layunin ng Affordable Care Act na tulungan ang lahat ng Amerikano na magkaroon ng access sa de-kalidad at abot-kayang pangangalagang pangkalusugan. Ang anunsyo ngayong araw ay isang mahalagang hakbang sa pagpapakita ng pagiging patas ng aming sistema sa pangangalagang pangkalusugan at muling paninindigan sa pangako ng Administrasyong ito na bigyan ang bawat Amerikano ng access pangangalagang pangkalusugang nararapat sa kanya."

Ang huling panuntunan ay tumutulong sa mga consumer na gustong maunawaan ang kanilang mga karapatan, at nagbibigay-linaw sa mga responsibilidad ng mga provider at insurer ng pangangalagang pangkalusugan na tumatanggap ng mga pondo mula sa pederal. Tinutugunan din ng huling panuntunan ang mga responsibilidad ng mga issuer na nag-aalok ng mga plano sa Mga Marketplace ng Pangangalagang Pangkalusugan. Bukod pa rito, ipinagbabawal din ng huling panuntunan ang mga kasanayan sa marketing o benefit design (disenyo ng benepisyo) na may diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan. Ipinagbabawal din ng huling panuntunan ang mga hindi patas na kasanayan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, gaya ng mga ospital na tumatanggap ng Medicare o mga doktor na kasali sa Medicaid program.

Ipinagbabawal ng huling panuntunan ang sekswal na diskriminasyon sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang:

- Pag-aatas na pakitunguhan nang patas ang mga babae at lalaki pagdating sa natatanggap nilang pangangalagang pangkalusugan. Ipinagbabawal ng iba pang mga probisyon ng ACA ang ilang partikular na uri ng sekswal na diskriminasyon sa insurance, halimbawa, pagbabawal na singilin nang mas malaki ang mga babae kaysa sa mga lalaki para sa saklaw. Sa Seksyon 1557, hindi lang sa saklaw na pangkalusugang kanilang natatanggap pinoprotektahan ang mga babae laban sa diskriminasyon, pinoprotektahan din sila sa mga nakukuha nilang serbisyong pangkalusugan mula sa mga provider.
- Pagbabawal na tanggihan ang pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan o saklaw na pangkalusugan batay sa kasarian ng isang indibidwal, kasama ang diskriminasyon batay sa pagbubuntis, sekswal na pagkakakilanlan at mga stereotype ng isang kasarian.

Ito ay may mahahalaga ring proteksyon para sa mga indibidwal na may mga kapansanan, at nagpapahusay sa tulong sa wika para sa mga taong hindi bihasa sa wikang Ingles, kasama ang:

- Pag-aatas sa mga sinasaklaw na entity na gawing accessible ang impormasyon ng mga ito sa electronic na paraan, gayundin ang mga bagong tayo o na-renovate na pasilidad ng mga ito sa mga indibidwal na may mga kapansanan, at pagbibigay ng naaangkop na dagdag na tulong at serbisyo sa mga naturang indibidwal.
- Pag-aatas sa mga sinasaklaw na entity na gumawa ng mga makatuwirang hakbang upang mabigyan ng sapat na access ang mga indibidwal na hindi bihasa sa wikang Ingles. Hinihikayat din ang mga sinasaklaw na entity na gumawa ng isang plano sa pag-access ng wika.

Kung hindi mareresolba ng huling panuntunan kung isang uri ng sekswal na diskriminasyon sa Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon ng isang indibidwal, malinaw na nakasaad sa panuntunan na susuriin ng OCR ang mga reklamo laban sa pinaghihinalaang sekswal na diskriminasyon na nauugnay sa sekswal na oryentasyon ng naturang indibidwal upang malaman kung nauugnay ang mga ito sa mga stereotype na maaaring tugunan ng 1557. Alinsunod sa patakaran, sinusuportahan ng HHS ang pagbabawal sa diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon, at patuloy nitong susubaybayan ang mga legal na hakbang kaugnay ng isyung ito.

Ayon sa huling panuntunan, kung lalabag ang paglalapat ng anumang kinakailangan ng panuntunan sa mga naaangkop na kautusan ng Pederal na nagpoprotekta ng kalayaan sa relihiyon at moralidad, hindi na iaatas ang naturang paglalapat.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Seksyon 1557, kasama ang mga sheet ng impormasyon tungkol sa mahahalagang probisyon at madalas itanong, bisitahin ang [www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557](http://www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557).

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga batas laban sa diskriminasyon, batas sa privacy ng impormasyong pangkalusugan, iyong mga karapatang sibil at karapatan sa privacy sa mga lugar para sa pangangalagang pangkalusugan at serbisyong pantao, at makakita ng impormasyon tungkol sa paghahain ng reklamo, bisitahin kami sa [www.hhs.gov/ocr](http://www.hhs.gov/ocr).

###